# Ang trifecta ng panlipunang pagtanggi: pagkakaisa, pagpapaplano, disiplina

The Trifecta of Civil Resistance:
Unity, Planning, Discipline

**Hardy Merriman**

opendemocracy.net, November 19, 2010
Translation: Henry Cruz, January 2017

# Ang *trifecta** ng panlipunang pagtanggi: pagkakaisa, pagpaplano, disiplina

opendemocracy.net/hardymerriman/trifectaofcivilresistanceunityplanningdiscipline

Hardy Merriman
(isinalin ni Henry Cruz)

May tatlong katangian ang makapagtatakda ng kaibahan ng tagumpay o pagkabigo para sa mga di-marahas na pagkilos sa buong mundo: pagkakaisa, pagpaplano, at ang di-marahas na disiplina.

Ano ang makapagtatakda upang maging epektibo ang panlipunang pagkilos sa di-marahas na pagtanggi?

Kung tatanggapin natin ang kasabihan na sa pulitika, "ang kapangyarihan ay hindi ibinibigay, ito ay laging inaagaw", ang kinakailangang konklusyon ay matagumpay ang mga makasaysayang pagkilos sa di-marahas na pakikipaglaban dahil ang kapangyarihang taglay ng mga ito ay higit kaysa sa kanilang katunggali.

Sumasalungat ang konklusyong ito, at nagbibigay daan upang tanungin ang nakasanayang paniniwala na ang kapangyarihan ay nagmumula sa pag-kontrol ng yamang materyal at sa kakayahang gumamit ng dahas. Kung laging tama ang pagpapalagay na ito, ang mga di-marahas na kilos ay tiyak na mabibigo laban sa mga katunggaling armado at may sapat na pondo. Subalit, alam natin na ang kasaysayan ay puno ng maraming matagumpay na mapayapang pakikihamok, mula higit pa sa nakalipas na daang-taon, sa pagitan ng iba't ibang magkakatunggali at paniniwala, kasinrami ng pagkakaiba sa mismong sangkatauhan. Ilang halimbawa ang mga sumusunod:

> *Noong 1930s at 1940s, nakamit ng mga Indiano ang kanilang kalayaan sa pamamagitan ng malawakang di-pakikipagkaisa o kooperasyon (pag-boykot sa ekonomiya, pag-boykot sa mga paaralan, welga, di pagbabayad ng buwis, panlipunang-pagsuway, pagbibitiw sa tungkulin) na nagbanta na ang India ay hindi mapamahalaan at nagbunsod sa mga Briton na lisanin ang bansa;*

---

* Trifecta – unang lumabas ang salitang ito sa wikang Ingles noong 1970 patungkol sa unang tatlong kabayong mananalo sa karera. Ito ngayon ay maaaring gamitin upang tukuyin ang tatlong magkasunod na pagpipilian na magiging epektibo at perpekto para sa tunay na pagkapanalo.

*Noong 1950s at 1960s, naipanalo ng Kilusang Civil Rights ng Estados Unidos ang mga pantay na karapatan sa pamamagitan ng mga mapayapang kampanya katulad ng boykot ng Montgomery bus at protestang-pag-upo sa mga kainan ng magkasamang "itim" at "puti" sa Nashville kung saan sinamantala ang kahinaan ng naitatag na sistemang pagbubukod at umakit ito ng pambansang suporta;*

*Noong 1965-1970, lumawak ang unyon ng United Farm Workers, mula sa isang maliit at walang pondong lokal na samahan patungo sa isang pambansang pagkilos. Nangyari ito sa pamamagitan ng mga matagumpay na pagwelga at pag-boykot laban sa mga ubasan sa California;*

*Noong 1986 sa Pilipinas, nagsanib-puwersa ang mga nagsasagawa ng kilos-protesta at ang mga tumiwalag na lider ng militar at nagbunsod ito sa milyong-milyong Pilipino na lumaban sa diktadurya ni Ferdinand Marcos na noon ay suportado ng Estados Unidos. Dahil wala na siyang ibang maaaring gawin dahil sa lakas ng mapayapang pag-aalsa ng mamamayan, tumakas si Marcos ng bansa;*

*Noong 1988, dinaig ng mga Chileans ang takot na hatid ng diktadurya ni Augusto Pinochet at nangampanya at nagkilos-protesta sila laban sa kanya. Dahil sa mga pagkilos na ito, humina ang pagsuporta kay Pinochet at mismong ang kanyang mga kasamahan sa military junta ay hindi na rin naging matapat sa kanya sa kalagitnaan ng krisis, at siya ay napatalsik mula sa kapangyarihan.*

*Mula 1980 – 1989, nag-organisa ang mga taga-Poland ng malayang trade union o kilusang manggagawa bilang bahagi ng kilusang Pagkaka-isa at binawi nila ang kanilang bansa mula sa pamamahala ng mga Sobyet;*

*Noong 1989, ang mga kilos protesta at welga na binansagang Velvet Revolution ang nagbigay daan sa isang mapayapang transisyon mula sa komunismo sa bansang Czechoslovakia. Ang mga katulad na pagkilos rin ang nagbunsod ng mapayapang transisyon sa Silangang Alemanya, gayun rin sa Latvia, Lithuania at Estonia noong 1991;*

*Simula noong 1980s, mahalaga ang papel na ginampanan ng mga welga, boykot, panlipunang-pagsuway, at tadhanang parusa mula sa ibang bansa sa pagpapatigil ng apartheid (diskriminasyon sa mga Afrikanong itim) sa Hilagang Africa noong unang bahagi ng dekada 1990;*

*Sa sumunod na dekada, nagwakas na ang mga autokratikong pamamahala sa Serbia (2000), Georgia (2003) at Ukraine (2004) sa pamamagitan ng mga pagkilos upang hadlangan ang pandaraya sa mga resulta ng halalan sa mga naturang bansa;*

*Noong 2005, winakasan ng mga Lebanese ang pananakop ng mga hukbong Syriano sa pamamagitan ng mga malawakang di-marahas na demonstrasyon;*

*Noong 2006, nagsagawa ng malawakang panlipunang-pagsuway ang mga Nepalis at nagawa nilang maibalik ang pamamahalang sibilyan;*

*Mula 2007 – 2009, sa gitna ng marahas na insureksyon at ng pamamahalang militar, matagumpay na naisulong ng mga abogado, mga pangmamamayang grupo at mga*

*karaniwang mamamayan sa Pakistan ang pagsasabalik ng malayang hudikatura at ang pagsasawalang-bisa ng batas na nalikha sa ilalim ng state of emergency.*

## Kung hindi susunod ang mga tao, hindi makapapamuno ang mga pinuno

Ang mga nabanggit sa itaas at ang iba pang mga panlipunang pagtanggi ay nagtagumpay sapagkat naka-ugat ang mga ito sa batayang kaisipan tungkol sa kapangyarihan: na nakasalalay ang halos lahat ng mga institusyon, organisasyon at mga sistema sa isang lipunan sa patuloy na pagpayag, pakikiisa at pagsunod ng nakararaming ordinaryong mamamayan. Samakatuwid, kapag pinili ng mga tao na i-atras ang kanilang pagpayag at pakikiisa sa pamamagitan ng isang organisado at stratehikong paraan, kaya nilang taglayin ang maimpluwensang kapangyarihan. Kapag ang mga mamamayan ay hindi susunod, hindi na malayang makapamumunong gamit ang labis nilang kapangyarihan ang mga pangulo, mga mayor, mga CEO, mga heneral, at iba pang humahawak ng kapangyarihan.

Ang mga taktikang di-marahas katulad ng welga, boykot, malawakang demonstrasyon, panlipunang-pagsaway, ang pagtatatag ng katapat na mga alternatibong institusyon, at ang napakarami pang malikhaing pagkilos, ay ang mga instrumentong ginagamit para magawa ito. Hindi sila ginagamit para lamang sa moral na mga dahilan bagkus para sa mga praktikal na pangangailangan. Ang ilan sa mga gumagamit ng *panlipunang pagtanggi* ay natuto mula sa mga matagumpay na istratehiya ng ibang bansa o mismong sa sariling makasaysayang karanasan, at naunawaan na ang mga naturang pagkilos ang makapagbibigay sa kanila ng malaking pag-asa sa pagtatagumpay.

## Mga Kakayahan at kalagayan

Datapwa't sa gitna ng nakapag-bibigay inspirasyon na mga tagumpay ng mga kilusang di-marahas, ang kasaysayan at ang mundo natin ngayon ay mayroon ring karanasan ng mga nabigong pagkilos. Sa loob ng parehong taon, naging saksi ang daigdig sa mga rebolusyong di-marahas sa Poland at Czekoslovakia gayundin sa masaker sa Tiananmen Square. Sa nakaraang dekada, maraming mamamayan sa Burma, Zimbabwe, Egypt at Iran ang gumamit ng mga taktikang di-marahas subalit hindi pa rin nakakamit ang mga adhikain ng mga pagkilos na ito. Sa matagumpay na pakikibaka sa East Timor para sa "self-determination" o pansariling-pagpupunyagi, naging mahalaga ang papel ng panlipunang pagtanggi, subalit sa kabila ng tagumpay ng mga panlipunang pagkilos sa maraming bahagi ng mundo, wala pa ring nakakamit ang mga pagkilos sa Palestine, West Papua, Western Sahara at Tibet.

Ano marahil ang dahilan at naging magkaiba ang kinahinatnan ng mga pagkilos na ito?
Ang mga dahilan ng tagumpay o pagkabigo ng mga pagkilos na ito ay isang usapin na maaring pagtalunan maging ng mga maaalam at makatwirang mga tao. [1] Kumplikado ang bawat

sitwasyon at ang pagkakaroon ng tiyak na kahihinatnan ay mahirap makamit. Ang argumentong madalas marinig mula sa mga scholars, journalists, at iba pang tao ay ang direksyon o kahahantungan ng mga kilusang di-marahas ay kadalasang nababatay sa mga istruktura, mga kondisyon at natatanging kalagayan o sitwasyon kung saan ang bawat kilusan ay gumagalaw.

Ang isang halimbawa ay ang argumento na ang kilusang di-marahas ay epektibo sa mga lipunan kung saan ang nang-aapi ay hindi gustong gumamit ng pwersang marahas. Ang iba naman ay nagsasabi na ang mga kondisyong pang-ekonomiya (katulad ng ideolohiyang pang-ekonomiya, mga antas ng kinikita, pagkakabaha-bahagi ng yaman, pagkakaroon ng gitnang uri) at ang mga antas ng edukasyon ay kritikal at mahalaga para sa matagumpay na mga kilusan. Gayundin, ang iba ay nagsasabi na ang papel na ginagampanan ng mga superpowers at mga pwersang naghahari sa rehiyon ay mas nangingibabaw kaysa sa halaga ng iba pang sangkap sa pagtukoy ng kahihinatnan ng isang kilusan. Ang bilang ng mga karagdagang istruktura at kondisyon – pagkakaibang etniko, kasaysayang pulitikal at pangkultura, sukat ng populasyon, laki ng lupang nasasakop – ay marami, at upang makatiyak, karamihan sa mga kundisyon na ito ay maaring makaimpluwensiya sa tahakin ng isang pagkilos.

Bilang pantapat sa mga salik na istruktural o kundisyunal ay ang mga salik na nakabatay sa mga kakayahan ng isang pagkilos na makapaglunsad ng tunggalian, at ito ay tinatawag ng mga akademiko na "*agency*" o pagkilos para sa pagbabago. Ang mga kakayahan at ang pagkilos para sa pagbabago ay tumutukoy sa kakayanan ng isang kilusan na magkaroon ng kontrol sa mga kondisyon: kung anong istratehiya ng pagkilos ang pipiliin ng kilusan; kung anong uri ng wika ang kanilang gagamitin upang pakilusin ang mga tao at kung paano sila pananatiliing nakikisangkot; kung paano ito bumubuo ng mga koalisyon; kung saan at paano nito tinatarget ang kanyang mga katunggali; at ang maraming iba pang mga pagpapasya kaugnay sa pakikilahok sa panlipunang pagtanggi.

Sa aking pananaw, ang mga salik na ito na nakabatay sa mga kakayahan ay kadalasang hindi nabigbigyang diin o kaya ay hindi binibigyang-pansin ng mga nakaranas na makipag-ugnay o makapagsuri ng mga pagkilos na di-marahas. Ang bagay na ito ay hindi na sana sakop ng sulating ito, subalit marahil ang isang dahilan ay sapagkat nagdududa na ang mga tao, o kaya ay hindi nila batid ang tuntungang gumagabay sa mga di-marahas na pagkilos - na sa pamamagitan ng sama-samang paglipat ng kolektibong pagkilos, ang kapangyarihan ay kayang mailipat mula sa mga katunggaling nakaluklok at mapang-api patungo sa mga kilusan ng mga mamamayan. Sa halip, kanilang ipinapalagay na ang pagbabagong naganap ay bunsod ng mga kakaibang pangyayari o mga salik na galing sa ibang pwersa sa labas ng pagkilos.

Gayunpaman, maari nating igalang ang papel na ginagampanan ng mga istruktura at kondisyon sa pagbibigay impluwensiya sa direksyong tatahakin ng mga kilusang di-marahas, na hindi isinasantabi ang kahalagahan ng mga kakayahan at mga pagkilos para sa pagbabago. Siyang tunay, na ang pagkilos para sa pagbabago at ang mga kakayahan ay nagiging mahalaga, at nakatutulong sa mga kilusan na malampasan, maiwasan o mapanibago ang mga mahihirap na sitwasyon at kalagayan.

Ang kahalagahan, at minsan ang pangunahing papel, ng mga kakayahan at pagkilos para sa pagbabago, ay pangkaraniwan na sa ibang larangan katulad ng sa kalakalan o pang-militar na kaisipan. Kung gayon, bakit kailangang maiba mula sa mga ito ang di-marahas na pakikibaka? Tatawa lamang ang isang heneral o ang isang CEO kapag sinabi sa kanila na ang istratehiya ay hindi gaanong mahalaga para makamit ang kanilang nilalayon. Ang klasikong aklat ni Sun Tsu na *Art of War* ay hindi magiging bantog kung iniisip ng mga tao na ang kahihinatnan ng mga tunggalian at pakikipaglaban ay laging dinidiktahan ng mga kondisyong materyal lamang.

Kung babalikan ngayon ang pambungad na tanong ng paksang ito - Ano ang makapagtatakda para maging epektibo ang isang di-marahas na lipunang pakikipaglaban? - maari nating simulang mahanap ang mga kasagutan sa pamamagitan ng pagtingin sa mga istratehikong desisyon at sa mga magagaling na pamamaraan na naisagawa na ng mga kilusan sa kasaysayan. Marami at ibat-iba ang mga kilos-pagbabago at mga kakayahan na maaring makaimpluwensiya sa magiging bunga ng isang pagkilos, subalit (para sa pagpapasimple ng usapin), kapag sinala natin kung ano ng pinakamahalaga, tatlong katangian ng matatagumpay na kilusang di-marahas ang mangingibabaw – pagkakaisa, pagpaplano, at disiplinang di-marahas.

## Pagkakaisa, Pagpaplano at Disiplina

Sa unang sulyap, ang kahalagahan ng mga katangiang ito ay mukhang karaniwan na sa lahat. Gayon man, ang kalaliman ng mga katangiang ito at ang lawak ng kanilang kayang gawin ay hindi naabot at nakikita kung ang ating pagtingin sa mga kilusan ay nasa taktikal at butil-butil na antas lamang. Ang bawat katangian ay kailangang ipaliwanag pa nang mabuti.

Ang *Pagkakaisa* ay mahalaga sapagkat ang bawat kilusang di-marahas ay humuhugot ng lakas mula sa partisipasyon ng mga tao mula sa iba't-ibang sector ng lipunan. Sa madaling salita: ang dami ng bilang ay mahalaga. Kapag mas marami ang sumusuporta sa isang kilusan, mas higit itong katanggap-tangap, mas higit ang lakas, at mas marami ang magagamit na taktika. Kung ganun, ang mga matatagumpay na kilusan ay patuloy na lumalapit at humihimok sa mas marami pang grupo sa lipunan, katulad ng kalalakihan at kababaihan; kabataan, mga nasa wastong gulang at sa mga nakatatanda; sa mga mamamayan sa lunsod at kanayunan; mga katutubo; mga relihiyoso; mga magsasaka, manggagawa, negosyante at propesyunal; mga may-kaya, gitnang uri at maralita; mga pulis, sundalo at mga miyembro ng hudikatura, gayun rin ang ang iba pang mga grupo.

Ang mga matagumpay na kilusan ay patuloy ring lumalapit sa mga taga-suporta ng kanilang katunggali, dahil nauunawaan ng mga kilusang ito na ang isa sa mga kalakasan ng patuloy na panlipunang pakikibaka at pagtanggi para sa pagsusulong ng nagkakaisang mithiin ay ang kakayahan nitong makuha ang simpatiya at pagsunod, at mapabaligtad ang mga taga-sunod ng kanilang mga katunggali.

Isang halimbawa, ang patuloy na “civic disruption” o sibikong pambabalisa kasabay ng panawagan para sa pambansang pagkakaisa na isinasagawa ng kilusang *anti-apartheid* sa South Africa ay nagawang makalikom ng malawakang suporta at makalikha ng pagkakaisa para sa adhikaing pagbabago, maging sa mga puting Afrikano na dating sumusuporta sa estadong *apartheid*.

Ang mga kalahok sa kilusang di-marahas ay nararapat ring gumawa ng malawak na pagdedesisyon tungkol sa direksiyong dapat tahakin ng kanilang mga pagkilos, at ang pinakamahalagang buod nito ay ang ***Istratehikong pagpaplano***. Gaano man kamakatwiran ang ipinaglalaban, o gaano man kaimoral at di katanggap-tanggap ang mga gawain ng mga katunggali, ang paninikil at opresyon ay hindi karaniwang nagagapi sa paggamit lamang ng mga ispontanyo o mga hindi planadong pagkilos, kahit na ang mga pagkilos na ito ay naisasagawa nang maayos. Sa halip, mas nakakakuha ng malakas na buwelo at kapit ang mga kilusan kapag sila ay nakakapaglatag ng sapat na plano kung paano gagawing sistematiko, organisado, tanggap at suportado ng mamamayan ang panlipunang pakikibaka o pagtanggi, upang makamit nito ang mga tukóy nitong layunin.

Dapat pagdesisyunan kung anu-anong mga taktika ang gagamitin at kung paano ang pagkakasunod-sunod ng mga ito; pagbababalangkas ng mga matitibay na mungkahing pagbabago na nakabatay sa mga hinaing at mithiin ng mga mamamayang hangad na katawanin ng kilusan; pagpaplano sa kung sinong mga indibidwal at grupo ang tutukuyin at gagamitan ng mga taktika, at kung ano ang mga pang-kagyat, pang-medium term, at pangmatagalang layunin na dapat makamit; at ang paglalatag ng linya o sistema ng komunikasyon upang makapagbuo ng mga koalisyon, ay ilan lamang sa mga usapin na dapat gawan ng mga malikhaing istratehiya ng mga kilusang di-marahas. Para maisagawa ang mga ito, kailangan ang malawak na pagsusuri sa aktuwal na kalagayan o sitwasyon kung saan ilulunsad ang pakikibakang di-marahas.

Bilang bahagi ng kanilang proseso sa pagpaplano, ang mga epektibong kilusan, sa pormal at di-pormal na pamamaraan, ay kumakakalap ng mga impormasyon, nakikinig sa mga karaniwang tao sa mga pamayanan, at gumagawa ng pagsusuri ng kanilang sarili, nagsusuri ng kanilang mga katunggali at gayundin ng mga grupong wala pang pinapanigan. Patuloy nilang ginagawa ang mga pagsusuring ito sa bawat yugto ng pakikipagtunggali.

Sa panghuli, ang isang istratehiya ay magiging epektibo lamang kapag ito ay isinagawa sa paraang may disiplina. Ang pinakamalaking panganib kapag nabigong maipairal ang disiplina sa isang kilusang di-marahas ay kapag naging marahas ang ilan sa mga kasapi nito. Samakatuwid, ang disiplinang di-marahas – ang kakayahan ng mga tao na manatiling di marahas, kahit sa gitna ng mga pambubuyo o panggagalit – ay karaniwang patuloy na itinuturo at pinayayakap sa mga kasapi. Ito ay may mga praktikal na dahilan. Kapag gumawa ng karahasan ang mga kasapi ng isang kilusan, ito ay lubos na makapagpapahina sa kanyang pagiging katanggap-tanggap at lehitimo, habang sa kabilang banda ay binibigyang katwiran ang katunggali na gumamit ng dahas. Bukod pa roon, ang isang kilusan na patuloy na nagpapamalas ng di-marahas na pamamaraan ng pakikipaglaban ay may mas malaking

pagkakataon na mapalapit sa mas malawak na hanay ng mga potensyal na mga makakakampi – posible maging ang mga taga-suporta ng kanilang katunggali – sa gitna ng patuloy nitong pakikipaghamok.

Ang mas malawak at mas malalim na pagsusuri sa mga katangiang ito ay kaya nang makabuo ng mga aklat, at ang usapin ng di-marahas na pakikipaglaban ay patuloy na sistematikong pinag-aaralan. Bawat kilusan o pagkilos ay nagdaragdag ng kaalaman sa pinagtipong pag-unawa sa natatanging pamamaraan ng pakikibaka na ito, subalit magkagayun man, napakalaki pa rin ang maaring matuklasan at mapagyaman sa sining at siyensya ng ganitong anyo ng pampulitika at panlipunang pagkilos
.

Subalit ang tatlong katangiang ito - pagkakaisa, pagpaplano, at disiplina – ay panghabangpanahon, at nagbibigay ng pangkalahatang balangkas na maaring gamitin ng mga kasapi at taga-suporta ng mga kilusan, maging ng mga nag-uulat at nag-aaral nito, upang mabilis na masuri ang kalagayan ng isang kilusan. Ito ba ay may pagkakaisa? Ito ba ay may plano? Ito ba ay may disiplina? Ang mga naging pagkilos at karanasan ng mga taong kumakatawan sa mga prinsipyong ito sa paraang di-marahas ay nakapag-ukit na ng daan patungo sa mas mapayapa at makatarungang mundo. Ang kinabukasan ay uukitin ng mga susunod at magpapatuloy sa ganitong pamamaraan ng pakikipaglaban.

---

1] Para sa dokumentong ito, ang aking pakahulugan para sa “matagumpay” na mga kilusan ay yaong mga nakamit na ang kanilang mga tukoy na layunin, at ang mga “nabigong” kilusan ay yaong hindi nakamit ang kanilang tukoy na layunin. Mayroon ding pansamantalang elemento sa mga depinisyon na ito. Ang isang matagumpay na kilusan ay posibleng nakapag-kamit na ng kanyang mga tukoy na layunin (katulad ng kilusang Orange sa Ukraine noong 2004) subalit sa mga sumunod na taon, ang mga pagsubok sa mga nakamit ng kilusan ay maaring mag-resulta sa pag-atras. (Para sa karagdagang impormasyon sa kaso ng Ukraine, hanapin ang artikulong *“The struggle after people power wins”* na isinulat nina Olena Tragub at Oksana Shulyar at may petsang Nobyembre 17, 2010, sa openDemocracy). Sa kabilang banda, ang isang kilusan na nabigo na makamit ang kanyang layunin (katulad ng kilusang pro-democracy sa Tsina noong 1989) ay maari namang makalikha ng epekto sa pang-hinaharap o makalipas ang ilang panahon, na makapag-susulong sa mga ipinaglalaban ng kilusan. (para sa karagdagang impormasyon sa kaso ng China, hanapin ang artikulong *“Repression’s Paradox in China”* na isinulat ni Lester Kurtz sa openDemocracy at may petsang Nobyembre 17, 2010). Bagamat hindi nangangahulugang binabago ang klasipikasyon ng isang partikular na kilusan bilang “matagumpay” o “bigo”, ang mga sumunod na epekto sa mga pagkilos na ito ay may angking kalakasan at nararapat ring kilalanin.

---

Ang artikulong ito ay inilimbag gamit ang Creative Commons Attribution-Non Commercial 3.0 license. Kung mayroon kayong katanungan kung paano ito muling maililimbag, mangyaring kontakin kami. Mangyaring tingnan ang mga indibidwal na mga larawan para sa detalye ng paggamit.